

## DAPAT AGAD NA ILABAS:

Pebrero 28, 2022

### Mga contact:

Legal Aid Foundation of Los Angeles, Sara Williams, [sjwilliams@lafla.org](mailto:sjwilliams@lafla.org)

Advancing Justice - Asian Law Caucus, Lande Watson, [landew@advancingjustice-alc.org](mailto:landew@advancingjustice-alc.org)

California Rural Legal Assistance, Inc., Marisa Lundin, Indigenous Program Legal Director, [mlundin@crla.org](mailto:mlundin@crla.org)

## Nagkaroon ng Kasunduan ang mga Tagapagtaguyod sa CA Employment Development Department upang Palawakin ang mga Serbisyo sa Wika

*Tinitiyak ng mga pagpapahusay sa mga serbisyo sa wika na ipatutupad hanggang 2024 na tinataguyod ng EDD ang mga karapatang sibil ng mga taga-California at na tinatanggap nito ang malawak na kakayahan sa wika ng mga komunidad*

**SACRAMENTO** — Bilang tagumpay para sa mga taga-California at mga tagapagtaguyod ng mga karapatan sa wika, ang mga residenteng hindi gumagamit ng Ingles bilang kanilang pangunahing wika ay magkakaroon na ng higit na access sa programa ng unemployment insurance (UI) ng California Employment Development Department (EDD), na nagbibigay ng mga kritikal na benepisyong sa mga karapat-dapat na manggagawa sa buong estado. Ang Legal Aid Foundation of Los Angeles (LAFLA), Asian Americans Advancing Justice – Asian Law Caucus (ALC), California Rural Legal Assistance, Inc. (CRLA), Center for Workers' Rights (CWR), at Legal Aid at Work (LAAW) ay nagkaroon ng kasunduan sa EDD na tinitiyak na ang mga benepisyong, serbisyo, at mapagkukunan ng UI sa ahensya ay nasa lahat ng wikang ginagamit ng mga residente ng California.

Ang kasunduan ay nagmumula sa isang [reklamo](#) na unang inihain ng LAFLA sa Department of Fair Employment and Housing (DFEH), na nagpaparatang na may mga sistematikong paglabag sa pag-access sa wika na inatas ng pederal at estadong batas laban sa diskriminasyon. Sinasaklaw nito ang tungkol sa mga pinagmulang bansa, etniko, at mga wika ng mga mamamayan. Ang mga legal na organisasyon na ALC, CRLA, CWR, at LAAW ay sumali sa reklamo, at pinamagitan ng DFEH ang usapin. Bilang bahagi ng pinagkasunduan, ang kasunduan ng mga partido ay inihain sa Sacramento Superior Court. Sumali ang Chinese for Affirmative Action bilang bahagi ng paghaharap na iyon.

“Pinaluluguran namin ang pagpayag ng EDD na gawing mas pantay-pantay ang kanilang mga proseso para sa lahat ng mga manggagawa sa California, anuman ang mga wikang ginagamit nila,” sabi ni **Joann Lee, Espesyal na Tagapayo ukol sa Hustisya sa Wika sa LAFLA**. “Ang pag-areglo na ito ay inaatasan ng mas higit na pananagutan ang EDD sa mga

pangangailangang pang-kultura at pang-komunidad ng ating estado. Hindi natatangi ang EDD dahil marami sa mga estado at lokal na mga ahensya ang kulang sa kung ano ang kinakailangan sa pag-access sa wika. Kaya ng California na maging mas mahusay. Nararapat din ito."

Ang California ay isa sa mga estado na may pinakamaraming ginagamit na iba't-ibang wika sa bansa. Halos kalahati ng mga residente ay nagsasalita ng isang wikang hindi Ingles sa bahay, at ang 7 milyong indibidwal ay pangunahing gumagamit ng isa sa higit sa 200 na wika na hindi Ingles. Habang ang Espanyol ang pinakakaraniwan, na bumubuo ng humigit-kumulang 64%, humigit-kumulang 2.4 milyong residente na may limitadong kasanayan sa Ingles ang gumagamit ng iba pang wikang hindi Espanyol.

Sa buong pandemya, ang mga sumusubok na ma-access ang mga kritikal na benepisyo ng UI ay nakaranas ng iba't ibang mga hadlang--may panahon na maliit na porsyento lamang ang nakakausap ng isang kinatawan--habang sinusubukan nilang suportahan at panatilihin ligtas at malusog ang kanilang mga pamilya. Ang mga indibidwal na gumagamit ng mga hindi dominanteng wika at na pinalad na masagot ay hindi naka-ugnay nang maayos sa EDD, dahil hindi ibinigay ang mga serbisyo sa wika sa karamihan ng mga tumatawag. Marami ang nagpasya na magbayad para sa mga serbisyo mula sa mga mapang-abusong third-party broker o mga notaryo upang ihain ang kanilang mga paghahabol, at madalas ay hindi pa rin nila masundan ang proseso at makuha ang kanilang mga benepisyo. Nalaman sa [ulat ng EDD Strike Team noong Setyembre 2020](#) mula sa Governor na "ang mga indibidwal na hindi bahasa sa Ingles ay nahaharap sa mabigat na mga hadlang upang makatanggap ng tulong."

**Inilalarawan ng residente ng Kern County at kliyente ng CRLA na si Gregorio Sanchez ang ilan sa mga hadlang na ito:** "Nakapagsasalita ako ng Mixteco at napakarami kong naging problema upang buksan ang aking UI sa EDD...Hindi ko alam kung paano gumagamit ng mga smart phone o computer, kaya sa tuwing gusto kong buksan ang aking claim sa mga benepisyo, nagpapatulong ako sa isang taong sinisingil ako sa tuwing pupunta ako sa kanila para magpatulong."

"Ang pag-access sa wika ay hindi lamang legal at moral na kinakailangan, ang pag-access sa wika ay pag-iwas din sa pandaraya," sabi ni **CRLA Indigenous Program Legal Director Marisa Lundin**. "Umaasa kami na dahil sa kasunduan na ito, ang mga taong tulad ni G. Sanchez, na nagsasalita ng mga hindi dominanteng wika ay direktang ma-access ang EDD nang hindi kinakailangang magbahagi ng mga sensitibong dokumento sa mga pribado at walang prinsipyong kumpanya at magbayad pa para ma-access ang mga benepisyo sa nang walang kasiguruhan na tumpak o matagumpay ang pagsusumite ng kanilang kaso."

"Para sa maraming hindi lubos na nagsasalita ng Ingles, ang kakulangan ng mga serbisyo sa wika ng EDD ay malaking hadlang sa pag-access sa mga benepisyong kailangan nila para masuportahan ang kanilang mga pamilya. Ang pangako ng EDD na magbigay ng suportang interpretasyon kapag nakikipag-usap sa mga claimant, sa gustong wika ng claimant, ay magkakaroon ng tunay at mabilis na epekto sa mga miyembro ng komunidad. Ang

pagpapalawak ng mga serbisyo sa telepono sa wika at mga dagdag na isinalin na dokumento sa mga wikang Asyano, Middle Eastern, at iba pang mga wika ay babawasan ang mga hadlang sa mga pamilya na pumipigil sa kanila na makatanggap ng suporta bago at sa panahon ng pandemya," sabi ni **Winnie Kao, Senior Counsel sa Advancing Justice - Asian Law Caucus.**

"Ang pag-aayos na ito sa programa ng UI ay isang hakbang sa tamang direksyon," sabi ni **Katherine Wutchiett, Staff Attorney para sa Work and Family Program sa LAAW .**

"Kailangan ng mga katulad na pagbabago sa mga programa ng EDD na Paid Family Leave at sa State Disability Insurance na ganap na binabayaran ng ating mga dibersong manggagawa, at ang mga miyembro ng ating komunidad ay dapat na makabuluhang ma-access ang mga benepisyong ito."

Ang mga miyembro at tagapagtaguyod ng komunidad ay matagumpay na naisulong ang mga pagbabago sa batas noong nakaraang taon upang mapabuti ang pag-access sa wika sa loob ng programa ng UI, kabilang ang [\\$21 milyon sa loob ng dalawang taon](#) upang mapahusay ang mga serbisyong multilinggwal sa EDD. Inaatas din ng batas na mag-ulat ang EDD sa pambatasang badyet at mga komite ng patakaran sa katayuan ng mga multilinggwal na sebisyo sa bayad na bakasyon sa pamilya at mga serbisyo ng seguro sa kapansanan ng estado bago ang Hulyo 1, 2022. Ang mga tuntunin ng kasunduan, na nagpapatibay sa kamakailang panukalang pambatas, ay kinabibilangan ng:

- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasalita at sign language gamit ang mga kwalipikadong interpreter o multilinggwal na staff sa *anumang* wikang kailangan ng claimant. Kung ang mga serbisyong ito sa wika ay hindi maibibigay sa kabila ng mga pagsisikap, dapat tawagan ng EDD ang claimant kasama ang hiniling na interpreter, sa loob ng limang araw ng negosyo (maliban sa ilang mga pagbubukod).
- Pagpapalawak ng nakalaang serbisyo sa wika sa telepono ng UI upang maisama ang nangungunang pitong wikang hindi Ingles na ginagamit ng mga taga-California sa pagtatapos ng 2022. Kasalukuyang available ang mga linya ng telepono sa Spanish, Mandarin, Cantonese, at Vietnamese. Inaatas ng kasunduan na idagdag ang mga linyang Korean, Tagalog, at Armenian.
- Pagsasalin ng lahat ng mahahalagang dokumento ng UI para sa mga claimant sa nangungunang 15 na hindi Ingles na wika na ginagamit ng mga taga-California sa katapusan ng 2022 – gamit ang mga kwalipikadong tagapagsalin na tao, at hindi mga makinang tagasalin lamang. Isasama sa mga wikang iyon ang mga nakalista sa itaas at gayundin ang Arabic, Farsi, Punjabi, Russian, Japanese, Hindi, Khmer (Cambodian), at Thai.
- Pagpapahusay ng online access gamit ang mga portal na multilinggwal access at UI online sa nangungunang pitong wikang hindi Ingles sa 2024.

"Ang isang kapansin-pansing tampok ng kasunduang ito ay ang atas sa EDD na mangolekta ng data kung paano ginagamit ng mga manggagawa sa California ang mga serbisyo ng suporta sa wika para ma-access ang UI at regular na ibahagi ang data na iyon sa mga tagapagtaguyod ng

mga karapatan sa wika," sabi ni **Daniela Urban, Executive Director ng Center for Workers' Rights**. "Inaasahan namin ang patuloy na pakikipagtulungan sa EDD upang matiyak na ang mga pagbabago sa kasunduang ito ay makagawa ng positibong epekto sa buhay ng mga pamilya sa California."

[Basahin ang buong kasunduan kasama ang lahat ng mga hakbang.](#)

###

### **Tungkol sa Legal Aid Foundation of Los Angeles**

Ang Legal Aid Foundation of Los Angeles (LAFLA) ay isang nonprofit na organisasyong pangbatas na naglalayong makamit ang pantay na hustisya para sa mga taong nabubuhay sa kahirapan sa buong Greater Los Angeles. Binabago ng LAFLA ang mga buhay ng mga taga-rito gamit ang direktang representasyon, pagbabago ng mga sistema, at pagbibigay-kapangyarihan sa komunidad. Mayroon itong limang opisina sa County ng Los Angeles, kasama ang apat na Self-Help Legal Access Center sa mga courthouse sa iba't-ibang lugar, at tatlong klinika sa karahasan sa tahanan upang tulungan ang mga naging biktima ng karahasan.

### **Tungkol sa California Rural Legal Assistance, Inc.**

Ang California Rural Legal Assistance, Inc. (CRLA) ay nagbibigay ng mga libreng serbisyong legal at edukasyon sa libu-libong mga residenteng mababa ang kita sa mga rural na county ng California at nililitis nito ang mga kaso na nakikinabang sa mas maraming tao. Tinutulungan namin ang aming mga kliyente na makakuha ng patas na suweldo para sa kanilang pagsusumikap, maghanap at manatili sa ligtas na pabahay, ma-access ang pangangalagang pangkalusugan, tiyakin ang kalidad ng edukasyon para sa kanilang mga anak, at higit pa. Ang aming layunin ay isang rural na California kung saan ang lahat ng tao ay tinatrato nang may dignidad at paggalang at ginagarantiyahan ng kanilang mga pangunahing karapatan. Bisitahin kami online: [www.crla.org](http://www.crla.org).

### **Tungkol sa Center for Workers' Rights**

Ang Center for Workers' Rights ay isang non-profit na legal at adbokasiya na organisasyong nasa Sacramento na ang misyon ay lumikha ng isang komunidad kung saan ang mga manggagawa ay iginagalang at tinatrato nang patas at may dignidad. Upang matupad ang pananaw na iyon, nagbibigay kami ng legal na representasyon sa mga manggagawang mababa ang sahod, nagtataguyod ng mga inisyatiba upang isulong ang mga karapatan ng mga manggagawa, at isulong ang edukasyon, aktibismo, at pamumuno ng manggagawa sa mas malawak na lugar ng Sacramento.

### **Tungkol sa Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus**

Itinatag ang Asian Law Caucus (ALC) noong 1972 bilang kauna-unahang legal at civil rights organization ng bansa na tumutuon sa mga pangangailangan ng mga may mababang-kita, imigrante at hindi nabibigyan ng serbisyong mga Asian American at Pacific Islander. Kinikilala na ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan, pang-ekonomiya, pampulitika, at dahil sa lahi ay patuloy na umiiral sa Estados Unidos, ang ALC ay nakatuon sa paghahangad ng pagkakapantay-pantay at katarungan para sa lahat ng sektor ng ating lipunan.

### **Tungkol sa Legal Aid at Work**

Ang Legal Aid at Work ay isang nonprofit na organisasyon ng mga serbisyong legal na sumusuporta sa mga nagtatrabahong pamilya na may mababang kita gamit ang mga libreng legal na klinika at helpline, outreach at edukasyon, direktang serbisyo at paglilitis, at pagtataguyod ng patakaran.